CHED, SUPORTADO ANG FILIPINO BÍLANG WIKA NG KOMUNIKASYON

Sinuportahan ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) ang paggamit ng wikang Filipino bilang opisyal na wika ng komunikasyon.

Sa ipinadalang liham na may petsang 5 Enero 2015, ipinaabot ni Tagapangulong Patricia B. Licuanan ng CHED kay Tagapangulong Virgilio S. Almario ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na sinusuportahan nito ang pagpapatupad ng Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335, s. 1988 na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentality ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangang para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na mga transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Ayon kay Tagapangulong Licuanan, “sinusuportahan namin ang nasabing patakaran kasama ang mga institusyonal na programa at aktibidad na magsasakatuparan nito.

Kasalukuyang nagbibigay ng mga seminar-workshop sa Korespondensiya Opisyal (KO) ang KWF sa mga tanggapan ng pamahalaan. Pakay ng seminar-workshop na makatulong sa epektibong implementasyon ng EO 335 sa buong bansa. Maaaring magpadala ng email ang mga interesadong ahensiya sa komisyonsawika@gmail.com tumawag sa 736-2525 local 105.